

GABAY SA PRODUKSYON AT PAMAMAHALA

MAHALAGANG ASPETO SA PANGANGALAGA NG PUGO

	KAUGNAYAN SA PERFORMANCE	KAUGNAYAN SA GASTUSIN
PAMAMAHALA	40%	5%
PASILIDAD	20%	25%
LAHI	10%	5%
PAKAIN/NUTRISYON	30%	65%
	100%	100%

● Mahalagang malaman natin na ang pangangalaga ang isang malaking basehan sa matagumpay na pag-aalaga. Kahit anong ganda ng pakain, pasilidad at lahi, balewala kung malaki ang pagkukulang dito na kalimitang dahilan ng pagkalugi.

MGA NILALAMAN

- A.....Brooding
- B.....Pagpapakain
- C.....Pagpapainom
- D.....Kalinisan/Bio-Security/Pagkontrol ng Sakit
- E.....Programa sa pagbibigay ng Bitamina at Medikasyon
- F.....Pagbibigay ng Liwanag o Ilaw
- G.....Bentilasyon
- H.....Pagtatanggal o pag-aalis (culling)
- I.....Pagtatapon ng dumi
- J.....Pagrerekord

A. BROODING

- Kalahating oras bago dumating ang mga sisiw dapat ikondisyon ang kulungan na gagamitin pati na rin ang tubig na kanilang iinumin. Isagawa ito sa pamamagitan ng pagpapainit gamit ang heater o iba pa.
- Painumin agad ng tubig ang sisiw upang maiwasan ang pagkamatay at pagkaubos ng tubig sa kanilang katawan.
- Haluan ang kanilang inumin ng asukal, electrolytes, multivitamins, dextrose o Pro-Noni Herbal Extract para malabanan nila ang labis na pagkapagod. Ibigay ang PRO-NONI HERBAL EXTRACT mula una hanggang ika-sampung araw. Makakatulong ito ng malaki upang mapalakas ang kanilang immune system o panlaban sa sakit.
- Sundin ang mga sumusunod na gabay sa tamang temperatura ng Brooder

Edad	Temperatura
Pagkapisa – ika-2 linggo	90-95 °F
2 Linggo – ika-3 linggo	85-90 °F
3 Linggo – ika-4 linggo	80-85 °F
4 Linggo	75-80 °F

- Ang paggamit ng panabing sa palibot ng brooder o paggamit ng linso kung litter type ay nakakatulong upang mapanatili ang init sa kulungan at maiwasang masumpit ng hangin. Nakakatulong din ito para mapanatili ang mga sisiw sa loob ng kulungan kung saan naroroon ang pagkain at inumin.
- Ang tamang temperatura sa loob ng brooder ay makikita din sa galaw ng mga sisiw at dito ay malaki ang naitutulong ng PRO-NONI HERBAL EXTRACT dahil ang mga sisiw ay aktibo at agresibo.
- Regular na dalawin at suriin ang brooder upang makitayak na komportable ang mga sisiw dahil hindi nila kayang tagalan ang pabago-bagong temperatura ng kapaligiran.
- Palitan araw-araw ang mga panaping diyaryo hanggang 1 linggo upang hindi tumambak ang kanilang dumi at maiwasan na humalo ang kanilang pagkain dito at maiwasan din ang sakit.
- Magdagdag ng pakainan at painuman habang lumalaki ang mga sisiw upang makasiguro na makakain at makakainum ang lahat.
- Lagyan ng sapat na singawan sa gawing itaas ng brooder para makasingaw ang masamang amoy ng ammonia dahil hindi ito maganda sa kalusugan ng mga pugo.

B. PAGPAPAKAIN

PROGRAMA SA PAGPAPAKAIN	PRODUKTO NG CHEXERS
Chick Booster 1-12 araw	CP 600 Chick Booster Mash
Starter 13-32 araw	CX 700 Quail Starter Mash
Starter w/Layer 32-39 araw	CX 700 at CP/CX Quail Layer Mash
Layer 40 hanggang i-cull	CP/CX Quail Layer Mash

*Pwede ring panuntunan ang pagpapalit ng pakain mula Quail Starter papuntang Quail Layer kung ang egg production ay nasa 10% na.

MGA MAHALAGANG PAALALA

1. Ang konsumo ng pagkain ay naaapektuhan ng mga sumusunod:
 - Edad, laki at dami ng kanilang iniiitlog.
 - Antas ng Enerhiya mula sa pakain.
 - Temperatura ng kapaligiran mula 65 °F hanggang 85 °F.
 - Kalagayan ng kalusugan.
2. 20-22 gramo ng pagkain araw-araw ang kadalasang kinukonsumo ng isang paitlugin pugo. Magbigay ng pakain 2 beses sa isang araw para makasiguro na laging may pagkain ang mga ito.
3. Linisin ang pakainan isang beses sa isang linggo.
4. Lagyan ng steel o plastic wire ang pakainan upang hindi ito matapon at hindi masayang.
5. Mas maraming nasasayang sa crumble na pakain dahil nagiging mapili ang mga pugo.

C. PAGPAPAINOM NG TUBIG

- Tiyakin sa lahat ng oras na may malinis na tubig ang painuman para sa mga alagang pugo dahil kailangan nila ito sa kanilang panginitlog. Ang mga itlog ng pugo ay binubuo ng 70-75% na tubig.
- Kapag mainit ang panahon, mas maraming iniinom na tubig ang mga pugo dahil ginagamit nila ito para mapanatili ang tamang temperatura sa kanilang katawan. Gumamit ng PROBOOSTER with ELECTROLYTES upang hindi madehydrate ang mga ito.
- Makakaapekto sa panginitlog ng pugo ang pagkawala ng tubig na mainom. Mas delikado ito kaysa mawalan sila pansamantala ng pagkain.
- Linisin ang painuman araw-araw. I-disinfect kung kina-kailangan.
- Ang maruming inumin ay nagdudulot ng masamang epekto sa kanilang kalusugan at pagbaba ng produksyon ng itlog. Ugaliing suriin ang tubig upang makitayak na ligtas ito sa kontaminasyon ng E.coli na malaking epekto sa kalusugan, panginitlog ng pugo at pagkamatay nito. Gumamit ng CALCIUM HYPOCHLORITE para i-disinpekta ang tubig at mapatay ang bacteria katulad ng E.coli.

D. KALINISAN AT KAAYUSAN/BIO-SECURITY

- Linisin at i-disinfect (ibilad sa sikat ng araw) ang mga kulungan ng mga paitlugin pugo bago lagyan ng laman.
- Gumamit ng mabisang disinfectant bago ito lagyan ng pugo katulad ng GLUTARALDEHYDE. Maaari din i-disinfect kahit may laman na ang mga kulungan.
- Siguraduhin na walang nakakapasok na ligaw na hayop, ibon, ibang tao sa kulungan dahil maaaring maging tagapagdalang ng sakit ang mga ito.
- Maglagay ng foot bath na may disinfectant sa labas ng pintuan. Maglaan ng bota o tsinelas na para lamang dito.
- Mahigpit na ipatupad ang kalinisan at kaayusan araw-araw. Ibaon o sunugin ang mga namatay na pugo.
- Bumili ng sisiw sa mapagkakatiwalaang supplier dahil ito ang unang hakbang para maiwasan ang pagkakaroon ng sakit. Upang makasiguro, ihiwalay ng kulungan ang mga bagong dating na pugo sa loob ng tatlong linggo.
- Kung maglilinis at magpapakain, simulan muna sa bata hanggang sa matatandang pugo.
- Iwasan ang mga bagay na nakapagdudulot ng sobrang pagkapagod sa mga pugo tulad ng hindi sapat na pagkain at inumin, labis na papalit palit na temperatura sa kapaligiran, hindi tamang paraan ng halimhim at labis na pag-siksikan dahil ito ay nakapagpapahina sa kanilang panlaban sa sakit.

- Iwasan ang labis na paggamit ng mga antibiotics sa ating mga alagang pugo. Ito ay nagdudulot ng hindi maganda sa kanilang kalusugan lalo na kung kulang o sobra o maling antibiotic ang nagamit natin. Maaaring ma-develop ang drug resistant strains nila sa mga antibiotics na madalas nating ginagamit bukod sa hindi na ito magiging epektibo para mapagaling ang kanilang sakit at karagdang gastos pa rin ito sa atin. Ang atay nito ay malaking naaapektuhan sa dalas na gamit ng antibiotics.
- Purgahin ang pugo tuwing ika-apat na buwan upang matanggal ang mga parasitiko gayun din ang Coccidia. Gumamit ng IVERMECTIN sa loob ng 5 araw. Maaaring bumagsak ang panginitlog nito ngunit ito ay babalik din sa mas mataas na lebel at mas mahinang konsumo ng pakain.
- Ugaliin na magpadala ng sampol na pugo, maysakit man o wala sa diagnostic laboratory upang masuri ang mga ito at ipa-Antibiotic Sensitivity Test.
- Isagawa ang pag-apula sa mga langaw dahil maaaring magdala din sila ng mga internal parasites na nagdudulot din ng sakit sa ating mga alagang pugo.

E. PROGRAMA SA PAGBIBIGAY NG BITAMINA AT MEDIKASYON

From brooding up to ready to lay

Period	AHP/Water	Dosage	Remarks
Day 1-10	Prononi	10ml/gal	Pampalakas ng immune system para di tamaan ng sakit
Day 11-14	Procaphos	2.5ml/gal	Upang masuportahan ang bone development ng pugo
Day 15-17	Fresh water		
Day 18-20	Prominvi	2.5ml/gal	
Day 21-24	Fresh water		
Day 25-27	Prochapos	2.5ml/gal	
Day 28-31	Ivermectin .6%	5g/gal	
Day 32-33	Fresh water		
Day 34-35	Pro-booster lytes	10ml/gal	Ihiwalay ang mga lalakeng pugo kung may naiwan pa
Day 35-45			Umpisa ng panginitlog

During laying period

Period	AHP/Water	Dosage	When to give
Day 46-48	Prominvi	2.5ml/gal	A.M. - P.M.
Day 49-52	Fresh water		
Day 53-55	Egg Maximizer	5g/gal	A.M. - P.M.
Day 56-59	Fresh water		
Day 60-62	Prominvi	2.5ml/gal	A.M. - P.M.
Day 63-66	Fresh water		
Day 67-69	Egg Maximizer	5g/gal	A.M. - P.M.
Day 70-73	Fresh water		
Day 74-76	Prominvi	2.5g/gal	A.M. - P.M.
During Hot/ Stress condition	Egg Max or Prominvi		A.M.
	Pro-boost lytes	10ml/gal	P.M.

Remarks:

1. Pwedeng ulitin ang programa sa mga susunod na araw maliban kung ang mga pugo ay nagkakasakit at nagbibigay ng antibiotic sa 5-7 araw. Magbigay ng malinis na tubig sa loob ng 3 araw matapos mapainum ng antibiotic.
2. Kung may mapupunang sakit o mahinang kumain at namamatay na pugo, magdala ng buhay na pugo sa planta para sa Antibiotic Sensitivity Test (AST) para malaman ang tamang antibiotic, ito ay libre sa kostomer ng Chexers Feeds
3. Ang pinapainum na tubig ay dapat din ipatesting sa e.coli dahil ito ay pagsisimulan ng pagkakasakit at pagkamatay ng pugo. Gumamit ng Calcium Hypochlorite para patayin ang e.coli kung ang ating tubig ay mayroon nito.

F. PAGBIBIGAY NG LIWANAG O ILAW

- Mahalaga ang liwanag sa pangangitlog dahil ito ay nagpapalakas ng hormones para maging aktibo sa pangangitlog ang mga paitlugin hayop.
- Nangangailangan ng 12-14 oras na tuloy-tuloy na liwanag ang pugo. Kung hindi makokompleto ang oras ng liwanag na kailangan nila, magiging dahilan ito ng pagbaba ng produksyon ng itlog.
- Ang pagbibigay ng artipisyal na sobrang liwanag sa buong magdamag ay hindi mabuti para sa mga paitlugin pugo dahil masasanay sila sa liwanag, magdudulot ito upang mabawasan ang kanilang photosensitivity.

- Tiyaking maliwanag ang kulay ng mga dingding o kurtina upang maikalat ng maayos ang liwang mula sa ilaw at mabawasan ang madidilim na bahagi ng paitlugin. Gumamit ng aluminum foil para mabawasan ang paggamit ng bombilya.
- Gumamit ng mga panabing na tumatagos ang liwanag upang kahit umuulan ay makakapasok pa rin ang liwanag at nakakatipid sa kuryente.
- Buhayin ang ilaw kapag makulimlim o madilim ang panahon para mabigyan ng tuloy-tuloy na liwanag ang mga alagang pugo.

G. BENTILASYON

- Iwasan masumpit ng hangin ang mga alagang pugo simula sa brooding hanggang sa pangangitlog dahil nagdudulot ito ng stress sa pugo. Para maiwasan ito, maglagay ng panabing o kurtina na tumatagos ang liwanag.
- Sa pagkakabit ng kurtina o panabing, maglagay ng 6 na pulgadang singawan ng masamang amoy, basa o mainit na hangin at alikabok lalo na kung walang monitor ang kulungan. Ang pagtaas ng ammonia sa loob ng kulungan ay nagdudulot ng problema sa kanilang paghinga at nakakahilam sa mata kaya kung may singawan, makakatulong ito upang makalabas ang hangin galing sa loob ng kulungan.
- Ang biglang pabago-bago ng klima ng panahon ay nakaapekto sa kalusugan at pangangitlog ng pugo.

H. CULLING O PAG-ALIS NG

DI-PRODUKTIBONG PUGO

1. Tanggalin ang mga maysakit, abnormal, may kapansanan, hindi nangingitlog o mga lalaking pugo. Ang culling ay maaaring isagawa ng "ONE TIME" o regular na interbal o tuloy-tuloy.

Halimbawa ng Continuous Culling:

- 1st culling, isinasagawa habang naglilipat ng pugo mula sa growing papunta sa laying cages.
 - 2nd culling, isinasagawa kapag malapit ng mangitlog ang mga pugo.
 - Ang susunod na culling ay tuwing ikalawang buwan.
2. Magcull ng pangkalahatan sa pugong may edad na 10 buwan hanggang 1 taon dahil di na ito produktibo.

I. PAGTATAPON NG DUMI

- Ang mga karaniwang paraan na ginagawa ng mga magpupugo sa pangongolekta ng dumi ay ang mga sumusunod:

- (1). Paggamit ng polyethylene plastic.
- (2). Paggamit ng polypropylene bags.
- (3). Paggamit ng aluminum foil.

- (4). Paggamit ng plywood o hardiflex dangan nga lamang na ito ay nakakadilim sa kulungan.

- Maaaring itapon ang mga dumi sa ganitong paraan:

- (1). Ipunin sa isang lugar na may takip para maipagbili sa mga nagtatanim ng gulay at may-ari ng palaisdaan.
 - (2). Linisin sa ilog o sapa ang mga ginamit na sako at plastic, ang mga dumi na matatanggal dito ay magsisilbing pagkain ng mga isda.
 - (3). Upang mapangalagaan ang ilog at sapa, maaari din na ipunin ito at ilagay sa tangke para magamit sa produksyon ng biogas.
 - (4). Composting para magamit na organic fertilizer.
 - (5). Gamitin sa biogas production.
- Isaalang-alang ang bio-security dahil ang mga dumi ng pugo ay may bacteria, virus at parasites.

J. PAGREREKORD

- Ang pagtatala ng produksyon ng itlog bawat kulungan ay makakatulong upang malaman ang performance ng mga pugo at mapadali ang troubleshooting kung may problema.
- Itala at tuusin ang lahat ng gastos kada itlog at pinagbentahan upang malaman kung kumikita o nalulugi ang nag-aalaga.
- Tiyakin na maliwanag at nauunawaan ng mga tagapagalaga ang programa ng Pagpapakain, Pagpapainom, Medikasyon at Kalinisan/Kaayusan.

CANNIBALISM

SENYALES: kalbong likod at nalalagas na balahibo kaya madali silang lamigin at magkaroon ng respiratory problems.

MGA DAHILAN

- Labis na pagsisiksikan sa kulungan.
- Kakulangan sa pagkain, inumin at espasyo.
- Kulang o sobrang init.

MGA SOLUSYON

- Iwasang magsiksikan ang mga pugo sa kulungan upang maiwasan hindi lamang ang cannibalism kundi pati na ang pagkalat o paglala ng sakit.
- Maglagay ng sapat na pakainan at painuman. Mas mura ang magkaroon ng karagdagang pakainan at painuman kaysa magkaroon ng problemang dulot sa kakulangan ng mga ito.
- Alisin agad ang mga namatay at maysakit na pugo.
- Ang labis na lamig at init ay nagdudulot ng kanibalismo. Maglipat ng pugo sa paitlugin kapag malamig ang panahon, maaaring sa umaga o sa hapon. Ang labis na pagkapagod dulot ng sobrang init at hindi magandang panahon ay nagdudulot din ng kanibalismo.

KUMIKITANG PANGKABUHAYAN SA MASAGANANG PAG-PUPUGO



SAFE FEED
FOR
SAFE FOOD

CHEX CARES
FOR THE
RAISERS



Agrichexers Corporation
Tabing Bakod, Sta. Maria, Bulacan
(02) 385-1947
0917-5972327 - 0922-8872358
www.chexerlayers.co.nr